Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF LAS PIÑAS CITY

# GAWAING PAMPAKATUTO
## EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO
## IKAAPAT NA BAITANG
## IKATLONG MARKAHAN

**Panuto:** **Basahin at unawain and bawat tanong. Itiman ang bilog ng tamang sagot sa sagutang papel.**

1. Ang Pilipinas ay may iba't ibang pangkat etniko na mayaman sa napakaraming kultura. Alin sa sumusunod ang HINDI nagpapakita ng kultura?
   A. Ang magagandang tanawin sa isang lugar
   B. Ang mga lumang kagamitan at paraan ng pamumuhay
   C. Ang mga kaugalian at pagpapahalaga ng mga tao sa isang lugar
   D. Ang mga katutubong kasuotan, kwentong bayan, sayaw, laro at iba pa

2. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga kultura ng ating bansa. Alin ang HINDI
   A. pagmamano
   B. mga pamahiin tuwing may patay
   C. pag-aasawa nang wala sa edad
   D. pagsisimba tuwing araw ng pagsamba

3. Isang natatanging kaugalian ng Pilipino ang kusang-loob na pagtulong. Halimbawa: kung may nagbabayad na pasahero, inaabot natin ang kaniyang bayad kahit hindi natin siya kakilala.
   A. Karapatan
   B. Kalinisan
   C. Malasakit
   D. Pagiging magalang

4. Siya ang kauna-unahang Pilipinang naipadala sa *Olympics* upang kumatawa sa ating bansa. Itinanghal bilang *Asia's fastest woman* noong 1980's.
   A. Rona Mahilum
   B. Lydia de Vega
   C. Leah Salonga
   D. Gabriela Silang

5. Ano ang tawag sa sinaunang sistema ng pagbasa at pagsulat na sinasabing umiiral na sa Pilipinas bago pa man dumating ang mga Espanyol?
   A. Alpabeto
   B. Baybayin
   C. Balangay
   D. Titik

Gabaldon Bldg., Brgy. Elias Aldana,
Padre Diego Cera Avenue, Las Piñas City
(02) 8-835-9030 | (02) 8-822-3840
laspinas.city@deped.gov.ph | www.depedlaspinas.ph

LIVEWORKSHEETS

6. Ito ang kauna-unahang *food chain restaurant* na nagtagumpay na makipagsabayan sa ibang *restaurant* sa ibang bansa. Kilala ito sa linyang "Langhap Sarap".

A. *Jollibee*
B. *Kentucky*
C. *KFC*
D. *Mc Donald's*

7. Nagmamadali kang umuwi dahil may dadaluhan kang *birthday party* ng iyong kapitbahay. Paglabas mo ng silid-aralan, nakita mong umaapaw ang basura sa labas. Ikaw na lang ang tao dahil nauna ng umuwi ang iyong mga kaklase. Ano ang gagawin mo?

A. Mabilisan mong aayusin ang mga basura sa sako bago umuwi
B. Magkukunwaring hindi nakita ang umaapaw na basura sa sako
C. Magkikibit-balikat dahil hindi naman ikaw ang tagalinis sa araw na iyon
D. Pababayaan ang basura dahil baka mahuli ka sa *birthday party* na iyong dadaluhan

8. Naatasan ang inyong pangkat na magtanghal sa palatuntunang inihanda para sa mga mag-aaral mula sa Malaysia upang maipakilala sa kanila ang kulturang Pilipino. Alin sa sumusunod ang pipiliin ninyo?

A. Sumayaw ng Pandanggo sa Ilaw
B. Umawit ng nauusong kanta ngayon
C. Lumikha ng bagong himig at tugtugin sa *piano*
D. Sumayaw ng katutubong sayaw ng Malaysia

9. Sa kabila ng mabigat na suliraning idinulot ng bagyong Yolanda, hindi natinag ang mga Pilipino. Nagtulong-tulong ang bawat isa sa pamamagitan ng pagbibigay ng *relief goods*, muling pagtatayo ng kanilang bahay at pagdarasal para sa kanila. Mahirap mang pumunta sa mga nasalantang lugar, hindi ito inalintana ng mga kababayan natin. Isa itong patunay na likas na sa bawat Pilipino ang pagiging_______________.

A. Bayani
B. Madasalin
C. Mapagbigay
D. Matulungin

10. Namamasyal kayo sa sa *Roxas Boulevard*. Habang naglalakad sa baybayin nito ay nakaramdam ka ng matinding pag-ihi ngunit malayo naman ang palikuran. Kung sa baybayin ka iihi ay wala namang makakakita sa iyo. Saan ka iihi?

A. Sa palikuran kahit malayo
B. Kahit saan basta maka-ihi lang
C. Hindi na ako iihi at pipigilan na lang ito
D. Sa baybayin dahil wala namang makakakita



LIVEWORKSHEETS

11. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng disiplina sa pangangalaga sa kalikasan kahit walang nakakakita?

A. Sa parke hindi mo pinipitas ang mga magagandang bulaklak na nakikita mo

B. Sa daan ay inilalaglag mo ang mga basura galing sa iyong bulsa mula sa paaralan

C. Sa palaruan ay itinatapon mo ang iyong basura sa ilalim ng *slide* dahil may tagalinis naman dito

D. Sa palikuran ay ipina-*flush* mo ang kubeta at hindi itinatapon ang *tissue* sa *toilet bowl* para malinis na magamit ng ibang tao.

12. Si Isabel ay isang Tasaday. Nang siya ay makapag-aral sa kabayanan at makapagtapos, bumalik siya sa kanilang lugar at tinulungan ang kaniyang mga kasama na baguhin ang mali nilang nakasanayan tulad ng hindi pagkakaroon ng tamang palikuran at ang pag-aasawa nang wala sa edad. May pagpapahalaga ba siya sa kanilang pangkat etniko?

A. Maaari

B. Mayroon

C. Hindi ko alam

D. Wala

13. Nangangamoy na ang inyong mga basura ngunit hindi mo pa ito mailalabas kundi sa mismong araw ng paghahakot ng basurang nabubulok, ayon sa ordinansa. Ano ang gagawin mo?

A. Ibabaon ko sa lupa upang maging pataba

B. Ilalagay ko sa bakuran ng kapitbahay kapag walang nakakakita

C. Ipaaanod ko na lang sa ilog para wala nang basurang mangamoy

D. Ilalabas ko na ang basura kahit hindi pa araw ng kolekta dahil mabaho at nangangamoy na

14. May proyektong *Clean and Green* sa inyong barangay. May mga inatasan upang maglinis, magtanim at mangalaga sa halaman at puno na itinanim. Nakita mo na hindi nadiligan ang puno at halaman na malapit sa inyong bakuran at ito ay nalalanta na. Ano ang iyong gagawin?

A. Hindi mo papansinin at hahayaan na lang na mamatay ang mga tanim

B. Tatawagin ang kapitan ng barangay upang ipakita na namamatay na ang mga tanim

C. Didiligan mo ang mga halaman kahit hindi ikaw ang inatasan na magdilig at mangalaga rito

D. Tatawagin ang taong inatasan na mangalaga sa tapat ng inyong bakuran upang diligan ang mga puno at halaman



LIVEWORKSHEETS

15. Kumakain kayo ng *ice cream* habang naglalakad sa tabi ng kalsada. Pagkatapos ninyong kumain ay hinahanap ninyo ang basurahan para itapon ang mga *stick* na inyong ginamit. Dahil wala kayong makitang basurahan, bigla na lang itinapon ng kasama mo ang *stick* sa tabi-tabi dahil wala naman daw makakakita. Ano ang gagawin mo?

A. Gagayahin ang kasama sa pagtapon sa tabi-tabi
B. Patagong ilalaglag mo na lang ang *stick* para wala ka ng basura
C. Ibibigay sa kasama ang *stick* para siya na lang din ang magtapon sa tabi-tabi
D. Sasawayin ang kasama at sasabihing itapon sa basurahan ang *stick* na ginamit

16. Pinasalubungan ka ng iyong tita ng isang malaking balot ng tsokolateng galing sa *Belgium*. Pag-uwi ninyo ng Nanay mo sa bahay nakita ng iyong bunsong kapatid ang pasalubong na bigay sa iyo. Namilog ang kaniyang mga mata, bakas ang tuwa.

A. Dahan-dahan kong itatago ang tsokolate
B. Tatanungin ko siya kung kumakain siya ng tsokolate
C. Kunwari ay sasabihan ko siya na hindi ko siya bibigyan
D. Bibigyan ko siya pati na ang iba ko pang mga kapatid

17. Habang nasa sasakyan ay ngumunguya ka ng *bubble gum* nang malasahan mo ay matabang na ito. Ano ang gagawin mo?

A. Lulunukin na lang ang *bubble gum*
B. Ididikit sa ilalim ng upuan ang *bubble gum*
C. Ibabalibag sa bintana ang kinakaing *bubble gum*
D. Ibabalot sa papel at itatapon sa basurahan ang *bubble gum* na nasa loob ng sasakyan

18. Napansin mong walang gaanong kumakausap sa bago ninyong kaklase dahil hindi siya marunong magsalita ng Filipino. Ano ang gagawin mo?

A. Ngingitian siya
B. Hindi ko nalang din siya kakausapin dahil baka nahihiya siya
C. Kakaibiganin ko siya at sa abot ng makakaya ay tuturuan ko siya ng wikang Filipino
D. Ipapaalam kong hindi marunong magsalita ng Filipino ang bago naming kaklase

19. Naatasan kang mag-ulat ukol sa isang kaugaliang Pilipino. Alin ang pinakamainam na piliin sa mga kaugalian upang iulat sa iyong mga kaklase?

A. Bahala na
B. Utang na loob
C. Pagkamagalang
D. Paghahanda kapag may pista



LIVEWORKSHEETS

20. Basta na lang hinuhulog sa ilalim ng upuan ang mga kalat ng iyong kaklase. Ano ang gagawin mo?
A. Titingnan lang siya
B. Sisigawan at aawayin ko siya
C. Hindi ko siya sasawayin baka magalit sa akin
D. Pagsasabihan na itapon sa basurahan ang mga kalat niya

21. Bumisita sa inyong bahay ang iyong kaibigan kasama ang pinsan niyang balikbayan. Kung ikaw ang tatanungin, ano ang ihahain mong meryenda sa kanila?
A. Tsitsiriya
B. Kendi
C. Tubig
D. Suman sa ibos at tsokolateng tableya

22. Alin sa mga sumusunod ang pagpapahalaga sa sarili mong kultura?
A. Pagbili ng mga produktong galing sa ibang bansa
B. Pagtangkilik sa mga Pilipinong kinikilala sa pandaigdigang larangan
C. Panonood ng mga pagtatanghal ng mga katutubong sayaw at awitin
D. Pagsusuot ng mga katutubong kasuotan nang may pagmamayabang

23. Ano ang nararamdaman mo sa mga samahang nagtataguyod sa pangangalaga sa kapaligiran?
A. Masaya
B. Nagagalit
C. Malungkot
D. Nababagot

24. Ang sumusunod ay ilan sa mga kultura ng ating bansa. Alin ang hindi?
A. Pagmamano
B. Pamahiin tuwing may patay
C. Pag-aasawa nang wala sa edad
D. Pagsisimba tuwing araw ng pagsamba

25. Ang Pilipinas ay may iba't ibang pangkat etniko na mayaman sa napakaraming kultura. Alin sa sumusunod ito?
A. Ang magagandang tanawin sa isang lugar
B. Ang mga magagandang bahay at kagamitan
C. Ang mga matatayog na gusali at malalawak na kalsada
D. Ang mga katutubong kasuotan, kuwentong bayan, sayaw, laro at iba pa.

26. Alin sa sumusunod ang hindi nagpapakita ng disiplina sa pangangalaga ng kalinisan ng kapaligiran?
A. Umiihi sa palikuran
B. Dumudura kung saan-saan
C. Nililinis ang estero bago mag tag-ulan
D. Tinatapon ang balat ng kendi sa basurahan



LIVEWORKSHEETS

27. Nagpaalam ka sa iyong guro na lalabas upang umihi. Pagdating mo sa palikuran nadatnan mong marumi ang inidoro. Ano ang gagawin mo?

A. Hindi nalang iihi at titiisin na lang
B. Bubuhusan ng tubig ang inidoro
C. Tatawagin ang tagalinis ng paaralan
D. Isasarado ang palikuran upang hindi makita ng guro

28. Sino sa sumusunod ang may pagmamalaki at pagpapahalaga sa sarili niyang kultura?

A. Ang sikat na mang-aawit na si Mia na panay ang Ingles sa kaniyang mga panayam sa Pilipinas
B. Ang magandang si Maria na nagwagi bilang *Miss World* na wikang Filipino ang ginamit sa kaniyang panayam at pasasalamat
C. Ang mahusay na boksingerong si Larry na palaging sinasabi na siya ay galing sa kanilang probinsiya sa General Santos
D. Ang magaling na *rapper* na si Adel d Em na palaging bumabalik sa kaniyang kinagisnang probinsiya para tumulong sa kaniyang dating mga kababayan

29. Alin ang pamayanang hindi nakasusunod ang mamamayan sa mga batas at panuntunang pinaiiral ukol sa pangangalaga ng kapaligiran?

A. Ang Barangay Kay-inam na sama-sama ang mga tao sa paglilinis ng mga kanal bago dumating ang tag-ulan
B. Ang Barangay Maunlad na hindi magkakakilala ang mga nakatatanda dahil maagang umaalis para sa trabaho at gabi na ring umuuwi
C. Ang Barangay Pinagkaisahan na nagkakaisa ang mga naninirahan sa paghihiwa-hiwalay ng mga basura sa kanilang lugar
D. Ang Barangay Maligaya na masigasig ang kapitan sa pagpapairal ng proyekto ukol sa malinis na hangin at paninigarilyo

30. Anong batas sa pagpapaganda ng kapaligiran sa inyong paaralan ang dapat mong sundin?

A. Munting Basura, Pakibulsa Muna
B. Huwag Magtakbuhan sa Hagdan
C. Panatilihing Tahimik Anumang Oras
D. Bawal Magsalita nang Malakas sa Pasilyo

31. Anong batas sa pagpapanatili ng kaayusan at pangangalaga sa kapaligiran ang dapat ipasunod sa ilog na malinis?

A. Bawal manigarilyo dito
B. Tumawid sa tamang tawiran
C. Huwag magtapon ng basura
D. Iwasan ang pagtapak sa damuhan



LIVEWORKSHEETS

32. Ano ang puwedeng mangyari kung patuloy na walang disiplina ang mga tao sa pamamahala ng kanilang basura?

A. Tuluyan ng magiging marumi at walang kaayusan ang ating kapaligiran

B. Magiging malinis pa rin ang paligid dahil may nangongolekta naman ng basura

C. Maraming taong yayaman dahil sa pagbebenta ng mga basurang naipon

D. Mag-aaway-away ang mga tao dahil mag-uunahan sa pagkuha ng basura na pwedeng ibenta.

33. Bakit kailangang paghiwa-hiwalayin ang mga basura na makikita sa tahanan, paaralan, pamayanan o maging sa bansa?

A. Upang yumaman ang mga taong nakatira rito

B. Upang maraming taong makikinabang sa mga basura

C. Upang paghati-hatian ng mga nangangalakal ng mga basura

D. Upang maging maayos at malinis ang kapaligiran at maging malusog ang mamamayan

34. Palagi mong nararanasan ang pagbaha sa *Metro Manila*. Ano kaya ang dahilan kung bakit nangyayari ito?

A. Tinatakpan ng mga tao ang mga *drainage*

B. Masyado nang makapal ang tao sa *Metro Manila*

C. Talagang mas malakas na ang buhos ng ulan sa ngayon

D. Maling paraan ng pagtatapon ng basura sa ating paligid na bumabara sa mga estero at kanal

35. Ano ang kahulugan ng "*recycling*"?

A. Paghihiwa-hiwalay ng mga basura

B. Pagsusunog ng mga pinagsama-samang basura

C. Paglilinis ng mga maruming boteng babasagin at plastik

D. Paggamit muli ng mga patapong bagay na puwedeng mapakinabangan

36. Bakit kailangang malaman ng mga tao na ipinagbabawal ang pagsusunog ng basura?

A. Puwedeng i*recycle* ang mga patapong bagay na susunugin

B. Maaari itong maging sanhi ng pagkasunog ng mga bahay sa paligid

C. Ang pagsusunog ng basura ay puwedeng magbunga ng maruming hangin at kapaligiran

D. Lahat ng nabanggit



LIVEWORKSHEETS

37. Ano ang gagawin mo bilang isang mamamayang may disiplina upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan ng kapaligiran?

A. Palagiang pagwawalis sa bakuran at kalsada

B. Sumunod paminsan-minsan sa mga batas na may kinalaman sa kapaligiran

C. Madalas na pagtapon ng basura sa kanto kung saan dumadaan ang trak ng basura

D. Pagsasagawa ng paghihiwa-hiwalay ng basura sa halip na pagsunog sa mga ito, at pag *recycle* ng mga patapong bagay

38. Ano ang mga pangyayaring pangkapaligiran ang nararanasan natin ngayon na maaaring dulot din ng maling pagtatapon ng basura?

A. Pagbabaha

B. Lumilindol palagi

C. Bumabagyo palagi

D. Umuulan ng malakas

39. Ano ang sumasalamin sa isang bayan o bansa kung parating nakatambak o nakakalat ang mga basura rito?

A. Malinis sa kapaligiran

B. Matulungin ang mga tao

C. Walang disiplina ang mga tao

D. Masunurin ang mga tao sa batas

40. Nag*picnic* kayo sa malapit sa ilog. Marami kayong naging basura. Ano ang gagawin mo sa mga basura?

A. Sunugin ang mga basura

B. Itapon sa ilog ang mga basura

C. Itapon ang mga basura sa tamang lalagyan

D. Iwanan ang mga basura kung saan kayo kumain



LIVEWORKSHEETS